ALTA
American Land Title Association

# INGATAN ANG PERA MO SA MGA CLOSING SCAM SA PAGBILI NG BAHAY

Isa sa mga paraan ng mga hacker upang nakawin ang pera mo ay ang pag-email ng mga pekeng instruction ng wire transfer. Gumagamit ang mga kriminal na ito ng email address na katulad ng orihinal na email address ng title company at nagnanakaw ng logo at iba pang impormasyon upang magmukha na ang email ay nagmula sa iyong real estate agent, abogado o title company. **Maaari mong protektahan ang iyong sarili at ang pera mo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na ito:**

## MAGING MAINGAT

- **Tumawag, huwag mag-email:** Kumpirmahin ang mga instruction sa wire transfer sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono na may numero na nakikilala, bago ka magpadala ng pera. Huwag gamitin ang mga numero ng telepono o mga link na nasa loob ng email.
- **Maghinala:** HINDI kailanman babaguhin ng iyong title company ang kanilang bank account o mga instruction sa pagsasagawa ng wire transfer sa oras ng iyong transaksyon.

## INGATAN ANG PERA MO

- **Kumpirmahin ang lahat ng impormasyon:** Hilingin sa iyong bangko na kumpirmahin ang pangalan sa account bago ka magpadala ng pera.
- **I-verify agad-agad ang impormasyon:** Tawagan ang title company upang kumpirmahin na natanggap nila ang pera na ipinadala mo.

## ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG NA-TARGET KA NG SCAM

- **Tawagan agad-agad** ang bangko mo at mag-request sa kanila na mag-issue ng recall notice sa upang mapabalik ang pera na ipinadala mo.
- **I-report** ang nangyari sa www.IC3.gov.
- **Tawagan** ang regional FBI office mo at tumawag sa pulis.
- Napakabuti na **ma-detect** mo na nagpadala ka ng pera sa maling account sa loob ng 24 na oras upang magkaroon ng magandang pagkakataon upang mabawi ang iyong pera.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa home closing process, pumunta sa: **HOMECLOSING101.ORG**

*Ang layunin lang nito ay ang magbigay ng impormasyon at hindi dapat ituring bilang legal advice.*

# Ingatan Ang Iyong Pera

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:
*stopwirefraud.org*

## MAG-INGAT!

- Tawagan ang iyong title company upang malaman ang kanilang paraan sa pagpapadala ng pera sa pamamagitan ng wire transfer.

_______________________________________________

PANGALAN NG TITLE COMPANY

_______________________________________________

MAIN PHONE NUMBER

| INSTRUCTION SA PAYOFF |
| --- |
| |

**HINDI babaguhin ng iyong title company ang kanilang bank account o mga instruction sa wire transfer sa oras ng iyong transaksyon.**

## AGAD-AGAD TUMAWAG KUNG:

- Makakatanggap ka ng text, email, tawag sa telepono o iba pang komunikasyon na naglalaman ng pagbabago ng mga instruction sa wire transfer o contact information.

## KUMPIRMAHIN ANG IMPORMASYON BAGO KA MAGPADALA NG PERA:

- Bago ka magpadala ng pera, tawagan ang iyong title company upang kumpirmahin ang instruction sa wire transfer – laging gamitin ang numero ng telepono na makikita sa itaas.
- Kung walang mga numero ng telepono na nakalista sa itaas, tawagan ang iyong title agent at tanungin ang tamang numero ng telepono.
- Pagkatapos mong magpadala ng pera, tawagan muli ang title company upang kumpirmahin na natanggap nila ang pera na ipinadala mo.

## I-CLOSE ANG DEAL!